# Gumugulong na Bato

A Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: Sis.Techie Rodriguez, Elder-Founder
Mayo 28, 2022

Ayon sa Banal na kasulatan sa Juan 11:1-44, ang kwento ni Lazaro, naki-usap kay Hesus sina Marta at Maria, dalawa sa pinakamalapit Niyang kaibigan, na pagalingin si Lazaro na may malubha sakit. Gayunpaman, hindi agad tumugon si Hesus sa kanilang pakiusap; dumating Siya pagkatapos ng apat na araw, patay na si Lazaro at nailibing na. Gayunpaman, pinili ni Hesus ang okasyong ito upang papurihan ang Diyos sa harap ng maraming tao. Sinabihan sila ni Hesus na tanggalin ang bato at tinawag Niya si Lazaro na lumabas. Sa himalang ito, ipinakita ni Hesus sa mga tao na may mga sagabal upang hindi marinig at tumugon sa Kanyang tinig. Kailangan din nating alisin ang mga batong nakaharang sa ating daanan upang marinig nating mabuti ang tinig ni Hesus.

**Ang karamdaman at kalauna'y pagkamatay ni Lazaro ay nagturo sa atin ng maraming bagay:**

**1. Ang masasamang bagay ay nangyayari rin sa mabubuting tao**. May maling akala na ang masasamang bagay ay nangyayari lang sa masasamang tao, at ang mabubuting bagay ay nangyayari lamang sa mabubuting tao. Pinabulaanan ni Hesus ang teoryang ito sa kwento ni Lazaro, at 2 niyang kapatid na sina Maria at Marta na Kanyang tagasunod. Makikita rin ito sa kwento ng lalaking ipinanganak na bulag (Juan 9:1-3).

**2.Hindi dapat mag-alinlangan - mahal ni Hesus si Lazaro**. Gayunpaman, kapag tayo ay nababahala, nagdududa tayo sa pag-ibig ng Diyos sa atin. Minsan, napakadali nating matukso at mag-isip na hindi tayo mahal ng Diyos.

**3. Ang pagkamatay ni Lazaro ay nagbigay aral sa atin tungkol sa panalangin, lalo na ang panalanging hindi Niya tinutugon.** Nakita na nila kung gaano kamahabagin si Hesus. Pinagaling Niya ang may sakit, at tinupad ang Kanyang misyon. Gayunpaman, alalahanin natin kapag hindi agad sinasagot ng Diyos ang ating mga panalangin, may mas magandang nakalaan para sa atin.

**4. Kapag nagkakaroon tayo ng pagsubok, huwag nating isipin na hinuhusgahan o dinidisiplina tayo**. Maaaring pinuputol lang Niya ang bawat sanga na di namumunga at nililinis Niya ang bawat sangang namumunga upang lalong dumami ang bunga (Juan 15:1-2). Sa pagbago Niya sa ating pag-uugali upang maging mas mabuti, mabibigyan natin ng kaluwalhatian ang Diyos.

**5. Kapag tayo ay dumaranas ng kahirapan huwag nating isipin na hindi tayo mahal ng Diyos**. Makinig tayo kung iniwawasto Niya tayo. Tandaan natin na itinatama ng Diyos ang lahat Niyang minamahal.

**6. Kapag tayo ay nahaharap sa panahon ng pagsubok, at ang ating mga panalangin ay parang hindi pinapakinggan, huwag tayong sumuko sa pananalangin at sa Diyos.** Huwag tayong mag-alinlangan sa Diyos. Lagi nating asamin ang magagandang gagawin ng Diyos. Kung manalig at maniwala tayo, tiyak na may himalang mangyayari (Juan 11:22).

**Konklusyon**:

Ang hindi para kay Hesukristo ay itinuturing na patay sa espiritwal. Mga patay sila sa paglabag at kasalanan. Gayunpaman, dumating si Hesus upang iligtas ang makasalanan. Ang Kanyang tinig ay nagpapahiwatig na lumabas sa libingan at magsimula ng panibagong buhay. Habang ang mga bato sa libingan ay nakaharang sa daanan, tayo, bilang Kristiyano ay tinawag upang tulungan ang bawat isa para mapalapit lalo kay Hesus (Mateo 28:19).

**Pagninilay:**

1. Ano ang ipinangako mong gagawin para kay Hesus? Natutupad mo ba ito?
2. Anong mga "bato" ang humahadlang sa iyo para hindi mo ito matupad?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**Inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials
Tags:#Himala,# Pagpapanibago